**Presidential Communications Operations Office**
**Presidential News Desk**

# THE PRESIDENT'S CHATROOM ONE-ON-ONE INTERVIEWS WITH SENATORIAL CANDIDATES GRECO BELGICA AND RODANTE MARCOLETA

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Greco Belgica, isa ako sa nag-udyok sa iyo na tumakbo pagka-senador. Kasi ang nakita ko isa kang crusader noon pa na wala ka pang ambisyon.

Isang tao ka na dito sa mga meetings natin you'd always insist being on the right side. Kasi may dalawang ano 'yan eh two sides of the coin is it might appear doon sa isa maganda, hindi naman sa isa. But as always you have always insisted na ano 'yung tama and pag-usapan natin tama iyon ang palagi mong itinutulak sa ating mga meetings.

So aside from you are a crusader, ikaw 'yung pinakabata at ikaw 'yung pinaka may alam sa gobyerno, I supposed that you studied very well how a government is being run at ginawa kita chairman ng PACC, that's a crime commission work. And you have filed so many cases against people in government who were into graft and corruption.

I'm impressed with your --- sa lahat. Now aside from 'yung sinabi ko na kung bakit kinuha kita. Masasabi mo ba kung senador ka na 'yung ibigay mo sa akin 'yung mga programa mo para maintindihin rin ako ng tao kung bakit pinili kita.

**SENATORIAL CANDIDATE GRECO BELGICA:** Mayor, ang nakita ko po na kinatatakot talaga ng mga tao pagbaba ninyo ay wala nang katatakutan 'yung mga drug lords, mga corrupt, mga komunista, mga terorista, at mga kriminal. Balikan po lahat.

Pagbalik ng droga --- ngayon linggo-linggo po ang huli, bilyon-bilyonan.

**PRESIDENT DUTERTE:** Oo, bilyon-bilyonan.

**SENATORIAL CANDIDATE BELGICA:** Eleven billion, Infanta, Quezon; 1 billion, Quezon --- ah Caloocan; 30 million, Cebu; 40 million, Lanao; 400 million, Bulacan. Pababa ka pa lang, boss; pababa ka pa lang Mayor, ito

po ang kinatatakot ng lahat ng tao, majority of the Filipinos, dahil wala nang katatakutan.

Ako po, Mayor, sa nakita ko sa inyo, sa pag-obserba ko sa inyo, tutularan ko po kayo. Ang lahat ng polisiya niyo gagawin ko pong batas para may katakutan ang mga kriminal, durugista at korap. Pababalik ko po ang parusang kamatayan sa karumal-dumal na krimen, droga at korupsiyon, isasama ko na po. Palalakasin ko po ang justice system para kagaya ninyo mabilis nadedesisyunan ang mga kaso. Palalakasin ko po ang napaka-passive na anti-corruption law dahil wala po tayong pag-uusapang progress, economic recovery, pandemic recovery kung patuloy --- kung may droga at kalat ang krimen sa kalye.

'Pag na-solve po natin 'yan, hindi ko man magawa katulad ng ginagawa niyo rito, pero 'yung exposé niyo rito gagawin ko rin po sa Senado sa droga at korupsiyon. Hindi ko man magawa kasing galing ninyo, sir, pero at least 50 percent mayroong lumalaban sa kanila. Hindi magna-narco-politics ang ating --- narco-state ang ating bayan, may lumalaban. Iyon lang po, Mayor, ang…

**PRESIDENT DUTERTE:** Alam mo drugs will destroy our country. When I talked about our country, it's the people. Alam mo pareho tayo napag-usapan na natin 'yang we are doing it because we want to protect the next generation. So anong maidagdag mo kung senador ka? What laws would you pursue na magawa mo na para mapalakas mo itong ano mo ---

**SENATORIAL CANDIDATE BELGICA:** Kampanya.

**PRESIDENT DUTERTE:** --- your mindset about government?

**SENATORIAL CANDIDATE BELGICA:** Iyong ano, sir, first of all 'yung justice system. People have been talking about a weak justice system but no one is really investing in the justice system. We only have 2,500 judges all over the Philippines adjudicating for over a 100 million Filipinos. So kulang na kulang po.

Mayroong judge nagsasabi sa akin, "Grec, 6,000 ang case backlog ko dito." Ibig sabihin even if I try to finish one case a day, I will only finish 365 cases a year, tambak pa rin. So 'yung P24 billion po na PDAF na pinatanggal ko noong 2013 sa Korte Suprema, 'yung Belgica ruling po, ililipat ko po sa justice system 'yan para the government can hire more judges, build more courts, hire more prosecutors, investigators commensurate po to the crimes filed within their jurisdiction. If that happens, sir, bibilis po ang turnover ng kaso, mapaparusahan ang mga

kriminal, droga, korap, kasama na po ‘yung pagpapalakas sa Ombudsman.

Pangalawa, sir, ‘yung atin pong anti-corrupt law is very passive. The best that we have is an investigative office and it’s not really a campaign --- that’s not how to run a campaign. Hindi katulad ng anti-drug war niyo, sir, mayroon kang DDB, PDEA, ADAC, BADAC. Ang NTF-ELCAC mayroon kang sundalo, nakalatag ang isang barangay.

Sa anti-corruption dapat mayroon din pong ganoon. So itatatag ko po ‘yung national anti-corruption council, ikakabit ko po sa Ombudsman para naka-organize po sila hanggang sa local government at lalagyan ko po ng anti-corruption police para po mas aktibo, nagbi-build up ang case, nange-entrap, nanghuhuli. Paired with a strong justice system, then palagay ko po mas matatakot ang kriminal, korap at durugista. And kung maibabalik po natin ang --- maire-reimpose natin po ang death penalty, then mas katatakutan po ng mga durugista at kriminal ang ating batas.

**PRESIDENT DUTERTE:** Alam mo you know just listening to you, if you can only achieve even a half of what you are telling us now, lalo na ‘yung pag-ano sa batas to strengthen it, you are on the, I said, on the right track.

So I am urging you to campaign hard, paalamin natin ‘yung tao kung gaano ka ka-Pilipino na nagmahal ng bayan. Huwag na ‘yang mga highfalutin words about *“I love my country”.*

Basta ikaw ang tingin ko sa iyo worker ka. Hindi naman tayo ‘yung parang opisyal and I saw you worked hard. And I think that even if you just get half of what you are getting, it will be --- you will be good, I am sure. ‘Pag umabot ka ng Senado, alam ko ‘pag nagawa mo ‘yan, you will be good. ‘Pag nag-succeed ka sa ibang --- o nakuha mo lahat, then you will be a good, very good senator. Sigurado ako niyan at hindi dehado ang tao na magkaroon ng isang senador kagaya mo.

So I’m campaigning for you because I said I like what you are espousing. So magkampanya ka and I will try to --- my very best kung makuha ko ang time to campaign with you.

**SENATORIAL CANDIDATE BELGICA:** Salamat po, Mayor.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you for what you are planning to do and thank you for what you did. You were doing well as a PACC chairman. And

I'm sure that as a senator, you will do as equally good as anyone who loves the country, who loves his fellow Filipinos. Thank you.

**SENATORIAL CANDIDATE BELGICA:** Salamat. Salamat po, Mayor.

**PRESIDENT DUTERTE:** Maraming salamat rin sa words of inspiration para sa mga botante na --- 'yun sabi ko mahusay ka. Kung paabutin ka ng Senado, good tayo ang Pilipino. Thank you.

**SENATORIAL CANDIDATE BELGICA:** Thank you, Mayor. Thank you, sir.

*****

**PRESIDENT DUTERTE:** Dante Marcoleta, narinig na kita noon pero hindi tayo kilala. Noong nainteresado ako sa iyo, 'yung nagtatanong-tanong na ako kung sino ka, you are lawyering and everything at 'yung performance mo sa Congress.

But I was really impressed 'yung pagdala mo sa kaso ng gobyerno or at least 'yung nag-neutral ka man pero inilabas mo 'yung totoo. Hindi ka takot sa mga oligarchs, hindi ka takot sa pera nila, at ginawa mong ikaw 'yung nagsasalita para sa lahat ng gustong sabihin nila hindi nila masabi at nasabi mo.

There are a few men, sabihin ko sa iyo, without meaning to offend the rest of the guys there na kung saan tayo napunta at kayo nagtatrabaho, you seldom see committed persons talaga sa trabaho nila. And I was, I said, very much impressed by your behavior, performance sa iyong sinabi mo sa lahat. Ipinalalabas mo ang lahat kung ano ang mali ng gobyerno dito sa ABS-CBN na sa matagal na panahon, I said the government --- and even ako na walang…

Ako pinaputok ko lang 'yung mga mali nila but nobody carried the name of the Republic of the Philippines para doon sa Kongreso, ikaw 'yun. And I was very much impressed so nagtatanong ako. You are a principled man, extremely honest with integrity. At nung alam ko --- nung nalaman ko kung makipag-away ka ng tao o isang korporasyon or ahensiya, be it in government or outside, nakita ko 'yung passion mo to ferret out the truth. So kaya ako 'yung mismong personal nagsabi sa'yo kung sana maging senador ka at tumakbo ka.

So 'yan ang gusto ko, manalo ka, use the passion that you have in your heart to work for the Filipino people lalo na ako paalis na. At ako'y bilib na bilib sa iyo, sa totoo lang, because I like honest persons, men of integrity.

Ngayon ho, kung sakali man, God willing, kung ipagpala lang ng Diyos sa atin, kung masenador ka, ano pa ang madagdag mo sa pagka-lawyer mo? At kung maging senador ka, what would be the meaningful legislation that you have in mind na gawin mo kung nandiyan ka na sa Senado?

**SENATORIAL CANDIDATE RODANTE MARCOLETA:** Ang una-una po, Ginoong Pangulo, ay nakita ko po 'yung nailatag ninyong magagandang programa. Ang nais ko po ay maipagpatuloy ang mga 'yun. Unang-una na po 'yung ating infrastructure program na inyong naisulong. Nakita ko naman po talaga na sa panahon niyo lamang umabot 'yung 5.1 percent na ratio ng infrastructure spending sa ating GDP.

**PRESIDENT DUTERTE:** GDP.

**SENATORIAL CANDIDATE MARCOLETA:** Hindi po nangyari 'yun sa mahabang panahon. Matagal na po ako sa Kongreso, Mr. President, ngunit naglalaro lamang po sa two percent ng ating GDP ang nailalatag na infrastructure program.

Napakaimportante po nu'n sapagkat kapag nailatag 'yung infrastructure backbone po ng ating bansa, alam naman po natin maa-attract ang investments hindi lamang dito sa bansa natin, lalong-lalo na po sa ibang mga bansa na pupunta sa ating bayan para dito magbukas ng maraming negosyo at 'yun ang magiging simula kung papaano natin mapapalago ang ating ekonomiya. Samakatuwid, napakarami po ninyong nagawa.

At ang isa pa po 'yung pundasyon ng ating pangkapayapaan, ating peace and order. Importante po rin 'yan sapagkat hinahanap din po, Mr. President, ng mga mamumuhunan 'yung stability ng isang bansa. Kapag magulo po 'yung bansa, hindi po ako maniniwala na talagang uunlad ito sa inaasahan nating pag-unlad.

At nakita ko rin po 'yung pagmamalasakit niyo ireporma ang ating lipunan. Iyong pagsasakit po ninyo na talagang labanan natin ang droga at ilagay sa matatag na pundasyon ang ating bansa, pagmamalasakit ninyo kung papaano naitawid ang bansa natin sa pandemya.

Siguro nga po kung hindi tayo inabot ng pandemya, Mr. President, sa nakita kong paglakas ng ekonomiya natin, halos hindi tayo bumababa ng seven percent per quarter. Talaga lang tinamaan lang po tayo ng pandemya, Mr. President. Kung hindi nga lang siguro dumating ito ay nakita ko na siguro ang pinakamagandang antas ng ating ekonomiya. Gusto ko pong ipagpatuloy 'yun, Mr. President.

At mayroon pa po akong nakita na --- kasi matagal na panahon po ‘yung kuryente, ‘yun pong presyo ng kuryente ay talagang mataas po. Hindi po natutupad ‘yung layunin ng batas. Sapagkat 21 years ago, nakalagay po talaga affordable ang rates ng ating elektrisidad.

Nalalaman ko po ang paraan kung papaano sapagkat nandoon din po sa probisyon ng batas. Ang problema lang ang maraming kasamahan po natin sa Kongreso ay hindi naman po talaga nagsisikap na talagang ayusin ‘yung dapat na ayusin. Nandoon po ‘yung mga provisions ng tinatawag nating RCOA. Ito po ‘yung renewable --- ah ito po ‘yung mga --- ‘yung aggregation po at saka ‘yung retail energy, nandoon po ‘yun kung papaanong mabe-break up po ‘yung monopolistic market ng distributors ngayon into a contestable market. Iyon po ‘yung paraan para maibaba natin ang presyo ng kuryente.

At ‘yun nga pong problema ng ating sakahan, Mr. President. Napakaganda po nung mga batas natin, hindi po nagkakaroon ng pagkakataon na maipatupad nang mabuti sapagkat alam naman po ninyo napakatindi rin po ng corruption sa bansa na gusto ko rin po sanang makatulong doon sa paraan na inyong nais mangyari. Alam ko pong pinagsikapan ninyo.

At nakita ko po ‘yung isang paraan, Mr. President, sapagkat sa matagal na panahon, kung mapapansin po ninyo ‘yung Commission on Audit ang modality po nila ay post-audit. Ibig sabihin po magau-audit sila pagkatapos na ng programa. Papasok sila pagkatapos na ng project. Magau-audit sila pagkatapos ng fiscal year.

Samantalang kung titingnan po natin ‘yung State Audit Code of the Philippines, ang sinasabi po niya roon ay “preventive.” Maging ang Saligang Batas po natin, Mr. President, ay sinasabi if the internal audit control of an agency is inadequate or weak, dapat po ay magsagawa ng special measures or pre-audit ang COA.

Ang palagi pong minamatuwid ng COA, Mr. President, kaya post-audit sila sapagkat ‘pag nag-pre-audit daw po sila ay medyo babagal daw po ang pagpapatupad ng ating mga infrastructure projects o anumang programa. Ang sabi ko naman hayaan mo ng ma-delay nang kaunti. Ang importante po ay masinop natin ‘yung pera ng bayan.

Kung makikita po natin, Mr. President, halos every year at halos lahat po ng ahensiya ng ating pamahalaan, sang-ayon na rin sa ulat ng COA, ang dami pong anomalya. Pero palagi na lamang pong report, Mr. President.

Wala naman pong nangyayari na malikom nila ‘yung inulat nilang anomalya.

Eh sana po ang dapat na mangyari ay masinop, ma-prevent sapagkat ‘yun po ‘yung sinasabi doon sa Section 33 nung State Audit Code of the Philippines, it should be preventive. Hindi po dapat post-audit, dapat pre-audit. Iyan po ‘yung mga iba’t ibang nais kong ayusin sana.

Ang Department of Education, Mr. President, maaaring sa ngayon ay alam na rin po ninyo sapagkat mayroon po tayong isang batas na nagawa natin 25 years ago, sinasabi po doon na ang DepEd hindi na siya ang dapat gumawa ng libro. Ang dapat na gumawa ng libro ang mga private sector publishers in order for us to develop a national book development industry para makapag-export tayo.

Ito po ‘yung batas, Republic Act 8047, kung hindi po ako nagkakamali. Pero hanggang ngayon, Mr. President, 25 years na po ang batas na ‘yan pero hanggang ngayon, ayaw pa ring iwanan ng DepEd ‘yung paggawa ng libro. Samakatuwid, sila po is in continuing contravention of the law itself. Kaya po hindi maayos-ayos sapagkat sila mismo nilalabag nila ‘yung batas eh.

Siguro po kung ako ang --- magkapalad po ako, ang palalakasin natin ‘yung oversight function po talaga, ‘yung totohanan at seryosong pagtingin at pag-aayos kung papaano nai-implement.

Marami po tayong magagandang batas, Mr. President. Hindi lamang po talaga naipatutupad nang maayos sapagkat kulang po tayo doon sa mga taong dedicated enough to look into these areas, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Alam mo sa totoo lang, ang kulang natin actually, sad to say, ang ginawa itong karamihan mga members ng Congress is alam mo na, ito ‘yung walang ginagawa at pumasok lang diyan, lalo na ‘yung mga mayaman, milyonaryo, may negosyo, simply to protect or enhance their finances sa pagkatao nila.

But wala tayong mga crusaders kagaya ninyo na ‘pag naumpisahan ‘yung mapag-usapan ‘yung mali, dapat na follow-up-in ninyo hanggang huli. Kagaya ng ginawa mo sa ABS-CBN. Pinalabas mo talaga lahat ang kalokohan nila. So doon ako unang nanood, started to --- and I said I have found one of the men whose honesty I cannot question.

Kaya ho pinapatakbo kita at tinanong ko kung anong magagawa mo. In addition to what you have said, I said maasahan ka ng --- eh ordinaryo na akong Pilipino by that time, that mayroon ka --- may tao diyan na ang pangalan si Rodante to help us in our campaign against corruption.

Marami ‛yung ano diyan na hindi --- ‛yung umpisahan lang tapos nawala na pagkatapos. They do not even bother to ask ‛yung ahensiya na napuntahan, o ito si --- well whatever, kung maawa ang Diyos, senador si Marcoleta. Saan --- anong nangyari ‛yung --- ‛yung resolution namin na pinasa sa iyo? Nawawala --- in the maze of, you know, sa karaming trabaho, madali mawala ‛yan.

So ‛yung zeal mo ng --- ni Rodante Marcoleta doon ko nakita na talagang pinupursige mo hanggang --- to the end. And that is why ang CBN nadiskubre natin maraming mali at puwede talagang mahabol sila and even sa back taxes and the falsification doon sa sinabi mo ‛yung lupa na four hectares lang ba ‛yun? It made --- it was made to appear with all in all it was 400 square meters or something.

Iyon, doon dapat magpasalamat na ang Pilipino na inilabas mo ‛yun at mabayaran, magbayad sila ng wastong buwis. So para sa akin, kailangan natin marami, kung marami kayong ganoon ang asal sa buhay, maraming --- maraming Rodante Marcoleta ang nasa dapat nasa Senado. Pero kung may isa lang at mailagay ka doon, maraming --- malaking bagay na ‛yan at marami ka nang magawa.

So para sa akin, dapat nandiyan ka sa Senado at sinabi ko sa mga tao, I said it before and I will say it again, ‛yang Dante --- Rodante Marcoleta na ‛yan, kung hindi ninyo gawaing --- napakamalas na bansang ito. Eh ‛yung mga nandiyan mga negosyante, bilyonaryo, to protect their own interest.

But wala kayong mga tao na gusto talagang magsilbi para sa tao. So para sa akin, I will vote for you, I will ask the people to vote Marcoleta to the Senate so that he can be of use to the country. Iyan ang appeal ko sa tao. Hindi sabihin na pulitika-pulitika. Eh wala ngang --- hindi naman ito nagpapartido, nagpaparada diyan na anong klase-klase.

But on his own, ginawa niya ‛yung trabaho niya. And your one distinct episode ng buhay mo --- hindi na manalo, matalo ka o panalo, sa Diyos na ‛yan, it’s a destiny --- pero na may dumaang Dante Marcoleta dito sa Congress na ito. Kung mapahaba natin ang termino diyan sa Congress, whether as a congressman or as a senator, but I would like him, ako mismo isang Pilipino, gusto ko Marcoleta sa Senado.

Iyan ang sinasabi ko sa… Kung boboto kayo at maniwala kayo sa akin, iboto ninyo kasi he would be an asset sa ating gobyerno, hindi lang sa Senado. At he's a --- ang Pilipinas would be better, much better, if there are people working for the Republic of the Philippines. Iyan ang --- hindi, 'yan ang masabi ko after hearing you at 'yung aking pangparinig.

So sana, ako magkakampanya, at 'yung awareness kasi ninyo hindi masyado kasi bago lang. Ito kasing mga senador nailagay lang kasi kung tanungin 'yung tao, memory lang at kung tanungin naman, hindi naman tinatanong ma --- sino ba ito? Tinatanong lang sino ang…?

Iyan ang problema sa Pilipinas, tinatanong kayo sino 'yung mga tao na makapagbigay ng --- well, kaligayahan sa Pilipinas na nagpo-protect talaga sa atin? Ang marinig kasi ninyo 'yung araw-araw maririnig niyo sila senador. But pakinggan ninyo ako kasi ito kailangan diyan, more than anybody else diyan sa ano.

Huwag mo… Kalimutan mo na 'yung iba, wala naman talagang ginawa 'yan eh. Gusto ko nga sabihin pero ayaw ko kasi ayaw kong masira na baka inaakyat --- inaangat kita para maging senador using or at the expense of others. Hindi ako mag-ibang ano ng ibang kandidato, ikaw lang mismo.

Ang trabaho ko ngayon, hindi mag-atake ng mga anong mali ng kalaban. Wala akong --- itong panahon kong ito para sa iyo lang. Vote for Marcoleta, the first name is Rodante at --- maski Rodante siguro okay na 'yan, pero Marcoleta --- wala na lang kayong ibig sabihin --- Marcoleta, Marcoleta para sa bayan.

**SENATORIAL CANDIDATE MARCOLETA:** Thank you, Mr. President. Salamat po.

**--- END ---**